ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LII Blg. 3
Pebrero 7, 2021
www.cpp.ph




**EDITORYAL**

# Ilantad at labanan ang mga proyektong pantapal ng NTF-ELCAC

Sinimulan nang ilarga ng rehimeng Duterte ang pagpapatupad ng Barangay Development Program (BDP) ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Ang mga programang ito ay mga hakbanging pampasiklab para likhain ang ilusyon na may dalang "kaunlaran" ang Armed Forces of the Philippines (AFP) pero katunayan ay lalong magsasadlak sa masa sa hirap at pang-aapi.

Ilang linggo ang nakaraan, ipinagmalaki ng NTF-ELCAC na inirelis na nito ang ₱20 milyon bawat isa sa 215 barangay sa Region 11 na makatatanggap diumano ng BDP. Ang ₱4.3 bilyon na ginamit dito ay bahagi ng ₱16.4 bilyon na pondo ng BDP sa ilalim ng 2021 na badyet ni Duterte kung saan tinukoy ang 822 barangay na diumano'y wala nang NPA.

Ang ₱20 milyon kada barangay ay hahatiin sa ₱12 milyon para sa mga kalsadang "farm-to-market;" ₱3 milyon para sa pagtatayo ng eskwelahan; ₱2 milyon para sa patubig at kalinisan; ₱1.5 milyon para sa reporestasyon; at ₱1.5 milyon para sa istasyong pangkalusugan. Pangsilaw sa masa ang mga proyektong pang-imprastrukturang ito para isipin nilang magkakaroon ng pagbabago sa kanilang lugar.

Anong buti ang ihahatid sa masang magsasaka ng mga kalsada na diumano'y magpapadali sa paghahatid ng produkto sa palengke kung kinakamkam naman ng mga panginoong maylupa ang kanilang ani; o kung binabarat sila ng mga komersyante? Anong buti ng itatayong eskwelahan o klinik kung wala namang titser o duktor? Ano ang reporestasyon kung ang itatanim ay mga komersyal na kahoy na pakikinabangan lang din ng malalaking kapitalista?

Pantapal lamang ang mga ito sa pang-ibabaw na mga problema ng masa. Walang sumasagot sa saligang problema ng masa sa kanayunan: ang kawalan ng sariling pag-aaring lupa. Ito ang pinagmumulan ng kanilang hirap at aping kalagayan. Ito ang dahilan ng dinaranas nilang pagsasamantala at pang-aapi at kung bakit sila patuloy na sumusuporta at lumalahok sa armadong pakikibaka.

Sinong makikinabang sa mga proyektong ito kundi ang mga kontratista at lokal na burukrata at upisyal na silang hahawak ng pondo sa mga proyektong impra-

struktura? Hindi ito naiiba sa *pork barrel* na ginagamit ng mga kongresista para sa pagpapagawa ng kalsada o mga *waiting shed* sa mga paborito nilang barangay. Ang BDP ay *pork barrel* ng militar, pansuhol sa mga lokal na upisyal at pansuporta sa mga paborito nilang upisyal. Katulad ng maanomalyang mga proyekto ng mga kongresista, tiyak na tatadtarin rin ng anomalya ang BDP.

Ang BDP ay isang malaking proyektong pangsaywar. Nais ng AFP at NTF-ELCAC na palabasing inaatupag ng militar ang usapin ng kaunlaran, edukasyon, kalusugan at iba pa. Pinalalabas ng AFP na sa pamamagitan ng BDP, makukuha nila ang puso at isip ng masa upang hindi na sila bumalik sa pagsuporta sa BHB.

Pinagtatakpan ng BDP ang madugong gera ng AFP laban sa masang magsasaka at Lumad sa kanayunan. Tinatabingan nito ang walang-lubay at walang-habas na kampanya ng mga pagpatay, pag-aresto, intimidasyon at pananakot, panggigipit, *red-tagging* at pamimilit sa mamamayan na "sumurender." Kinakatuwang ng BDP ang Retooled Community Support Program (RCSP) ng AFP kung saan ipinapakat ang mga sundalo ng AFP sa mga komunidad na nagpapataw ng ala-garison na mga paghihigpit laban sa masa.

Sa paghahabol na makakuha ng pondo sa ilalim ng BDP, lalong titindi ang maruming gera ng AFP laban sa masa. Naghahabol ang militar na maparami ang mga baryong paluluhurin nila sa kanilang kapangyarihan. Lalong magiging malupit ang pasistang paninibasib sa mga baryo sa desperasyong ihiwalay ang masa sa kanilang hukbo, at maideklarang "malinis" ang barangay. Lalong darami ang kaso ng pamimilit sa masa na "magsurender" at magpagamit sa militar. Lalo ngayong nagiging malupit ang mga kaso na ibinabaling ng militar ang kanilang galit at paghihiganti sa masa sa baryo tuwing may matagumpay na taktikal na opensiba ang NPA.

Pero ang pinakamakikinabang sa mga proyektong ito ay ang malalaking kumpanyang dayuhan at malalaking burges kumprador na naglalaway na makapasok sa mga liblib na lugar sa kanayunan. Kalakhan o 75.54% (₱12.42 bilyon) ng pondo ng BDP ay mapupunta sa Mindanao kung saan nakakonsentra ang malalawak na plantasyon, pagmimina at mga proyektong pang-enerhiya na sumasakop sa daan-daang libong ektaryang lupain. Pinalalayas nila ang masang magsasaka at masang Lumad mula sa kanilang sinasakang lupa at lupang ninuno. Layunin ng paglalaan ng pinakamalaking pondo para sa mga kalsada ang pagtiyak na mapadali ang paghakot ng mga mineral na iluluwas sa ibang bansa, ng *palm oil,* saging, pinya at iba pang mga tanim na pang-eksport.

Dapat ubos-kayang ilantad at labanan ng masang magsasaka at mga katutubong minorya ang BDP na mga proyektong hindi sagot sa kanilang tunay na hinaing.

Dapat tulungan ang masa sa kanayunan na igiit ang kanilang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa at mga kahilingan para ibaba ang upa, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at makatwirang presyo sa kanilang mga produkto. Katuwang ng masang magsasaka, dapat paigtingin ng masang minorya ang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno.

Dapat puspusan ding ilantad ang korapsyon ng mga upisyal militar kakutsaba ang mga lokal na upisyal at mga kontraktor, na nagbubulsa ng milyun-milyong piso sa mga proyektong ito. Hikayatin ang mga lokal na upisyal sa barangay na tutulan ang ibinibigay na suhol sa kanila ng mga upisyal ng militar kapalit ng pagsuporta sa mga proyekto ng BDP.

Dapat labanan ang patuloy na paggagarison at pandarahas ng militar sa kanilang mga baryo para supilin ang masa at bigyan-daan ang malalaking kapitalistang nais sumakop sa kanilang lupa, dambungin ang likas na yaman at wasakin ang kapaligiran. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 3 | Pebrero 7, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Ilantad at labanan ang mga proyektong pantapal ng NTF-ELCAC 1
13 opensiba sa 4 na prubinsya 2
Hukbo ng mamamayan 3
Konsolidasyon ng baseng masa sa CagV 4
Paghaharing teror ng AFP sa ST 5
Masaker sa Mendiola, ginunita 5
Sa madaling salita 6
Dagdag sahod sa mga manggagawa 7
Subsidyo sa magbababoy at konsyumer 7
Libu-libong manggagawa, matatanggal 8
Piket sa Magnolia 8
Pagdinig laban sa ATL, sinimulan na 8
5 magsasaka, pinatay ng estado 9
Paghaharing militar sa Myanmar 9
*Warrant* laban sa 2 aktibista, binasura 9
Ano ang aasahan kay Biden? 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## 13 taktikal na opensiba sa 4 na prubinsya

Sa loob ng dalawang linggo, naglunsad ng 13 aksyong militar ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa nag-ooperasyong mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga prubinsya ng Bukidnon, Surigao del Norte, Abra at Negros Oriental. Walo sa mga ito ay inilunsad sa Bukidnon.

**Bukidnon.** Magkasabay na inatake ng mga yunit ng BHB ang mga detatsment ng militar sa Kipulot, Barangay Palacapao at Barangay Butong, Quezon noong Enero 20. Sorpresang atake naman ang isinagawa ng BHB sa kampo ng Philippine Army (PA) sa Barangay Minungan noong Enero 26.

Hatinggabi ng Enero 27 at tanghali ng Enero 29, inatake ng mga yunit ng BHB ang tropa ng PA sa Butay Simong, Barangay Namnam, San Fernando at Buko, Barangay Banlag, Valencia City.

Inisnayp ng isa pang yunit ng BHB ang mga sundalo na nakaistasyon sa Saluringan, Barangay Canangaan, Cabanglasan noong Enero 30. Kinabukasan, pinasabugan ng BHB ang rumespondeng mga sundalo.

Noong Enero 25, pinaralisa ng BHB ang anim na kagamitan ng Ulticon Builders Incorporated na tinatayang nagkakahalaga ng ₱9 milyon. Notoryus ang kumpanya sa mababang pagpapasahod sa mga manggagawa at mga pang-aabuso sa mga magsasaka.

Labindalawang sundalo ang napaslang sa mga opensiba habang walo ang nasugatan.

**Surigao del Norte.** Umaga ng Enero 28, pinaputukan ng isang yunit ng BHB-Surigao del Norte ang istasyon ng Philippine National Police-Sison sa Barangay San Pablo ng naturang bayan. Pagkatapos ng dalawang oras, inisnayp ng isa pang yunit ng BHB ang rumerespondeng mga sundalo ng 29th IB sa Barangay Tinogpahan.

Kinahapunan, pinasabugan ng BHB ang mobil ng pulis na nagbabantay sa pag-atras ng mga Pulang mandirigma sa Barangay San Pablo.

**Abra.** Inisnayp ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong yunit ng 72nd DRC noong Enero 22 sa hangganan ng Tubo, Abra at Besao, Mt. Province. Dalawa ang naitalang kaswalti sa mga sundalo. Pangatlong opensiba ito ng BHB-Abra (Agustin Begnalen Command) noong buwan ng Enero.

Bilang ganti, hindi bababa sa 14 bomba ang ihinulog ng AFP sa lugar noong Enero 24 at 25. Pininsala nito ang mga sakahan, pastulan at gubat kung saan nangangaso ang mga katutubong Maeng at Agawa.

**Negros Oriental.** Inambus ng isang yunit ng BHB-Central Negros ang isang aktibong elemento at ahente sa paniktik ng CAFGU Active Auxiliary sa Barangay Luz, Guihulngan City. Isinagawa ang operasyon noong Enero 28. AB

## Hukbo ng mamamayan



Matagal nang hindi nakakita ng "hukbo" (kolokyal na tawag sa mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan) si Ka Rolly mula nang tumira ang kanyang pamilya sa liblib na bahagi ng kabundukan. Dati siyang nagsasaka sa patag pero umatras ang kanyang pamilya sa mas mataas na lugar, kasama ng buong komunidad, para iwasan ang mga sundalong naglulunsad noon ng Oplan Habol Tamaraw sa panahon ng berdugong si Jovito Palparan.

Nang mabalitaan niyang nagkaroon ng labanan sa pagitan ng mga "hukbo" at militar sa karatig baryo, agad siyang pumunta sa gilid ng isang sapa kung saan tantya niyang dadaan ang mga kasama. Kasama ang kanyang mga anak, dalawang araw nilang inabangan ang yunit ng BHB. May dala silang handang pagkain at matamang binantayan ang lugar.

"Ito ang tungkulin na ibinigay sa akin ng mga kasama dati-dati pa," aniya. Kahit matagal na siyang hindi nakakausap o nabibisita, ginampanan niya ang tungkuling ikubli at itaguyod ang yunit ng hukbo sa panahon ng pag-atake ng kaaway. Simpleng kamote at saging ang inihanda niyang pagkain.

Nang dumaan ang yunit, hinanap niya ang dati niyang mga kakilala. "Marami nang bagong mukha," aniya. Nabalitaan niyang inilipat na sa ibang mga erya ang dating nakatalaga sa erya. Gayunpaman, maiinit pa rin niyang sinalubong ang mga noon lamang niya nakilala. Umaasa siyang balang-araw, makikita niya ulit ang dating mga nakasama.

Laking pasasalamat ng mga Pulang mandirigma kay Ka Rolly sa pagsalo ng kanilang platun na tatlong araw nang nagsisikap na makalabas sa kahon ng operasyon ng kaaway. Ibinukas niya ang kanyang sagingan sa mga kasama para kanilang pagpahingahan. Matapos ang tatlong araw, nagpasya ang mga kasamang lumakad na. Sinamahan sila ni Ka Rolly hanggang maihatid sila sa iba pang masang naghihintay ding muling makasama ang BHB. AB

Konsolidasyon ng baseng masa sa Cagayan Valley:

# Tatag sa pundasyon ng rebolusyong agraryo

Matatag ang suporta ng masang magsasaka ng Cagayan Valley sa hukbong bayan sa gitna ng mga operasyong kombat at saywar. "Talagang matitibay ang mga tao rito," ang hindi maiwasang kongklusyon ng mga sundalong paulit-ulit nang naglunsad ng Retooled Community Support Program sa isang baryo sa rehiyon.



Susi ang paglulunsad ng rebolusyong agraryo sa naging mabilis na pagpapalawak at konsolidasyon ng mga organisasyong masa, ayon sa mga kasama. Nailunsad sa rehiyon ang kampanyang anti-usura, pagtataas ng sahod at pagpigil sa pangangamkam ng lupa sa nakaraang taon.

**Rebolusyong agraryo**

Sa isang baryo, kinumpronta ng 140 magsasaka ang isang usurero na tuluy-tuloy na naniningil ng interes sa utang sa kabila ng krisis na dulot ng pandemya at magkakasunod na bagyo sa rehiyon. Kapag hindi sila makabayad nang buo sa itinakdang panahon, sinisingil sila ng usurero nang 100% interes ng pautang.

Tampok ang kaso ng isang magsasaka na umutang ng ₱51,700 na siningil ng usurero ng ₱358,500. Hindi agad na nabayaran ang utang dahil sa pagkasira ng mga pananim.

Dahil sa kumprontasyon, nagawang ipabura ng mga magsasaka ang balanseng utang ng mga matagal nang nakabayad ng prinsipal. Ang mga hindi pa nakapagbayad ay magbibigay na lamang ng prinsipal na utang at interes na katumbas ng isang anihan.

Sa isa pang baryo, napataas ng mga manggagawang bukid sa isang erya ang kanilang sahod mula ₱150 tungong ₱250 kada araw. Itinakda rin sa kumprontasyon ang oras ng pagsisimula ng trabaho at pagbibigay ng libreng pananghalian. Ipinagbawal din ng mga magsasaka ang pagpapainom ng nagpapatrabaho kada hapon dahil nagdudulot ito ng gulo sa loob ng baryo.

Sa dalawa namang baryo, inilunsad ng mga maralitang magsasaka ang isang kampanya para ipatigil ang planong pagpapalawak ng lupa ng mayayamang magsasaka.

**Pagtatayo ng KRB**

Patuloy na napalalawak ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa rehiyon. Noong 2020, tumaas nang 25% ang bilang ng naitayong mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo (KRB).

Sa isang baryo, 100 magsasaka, kabataan, at panggitnang pwersa ang nagtipon para sa itatatag na KRB sa kanilang klaster. Tiniyak ng sangay ng Partido sa lokalidad ang pagdalo ng masa sa mabilisang ipinatawag na pagtitipon. Inilunsad ang pulong-pagtatatag pagkatapos umalis ang mga sundalong naglunsad ng nakapokus na operasyong kombat ng militar sa naturang klaster.

Matagal nang balak ng mga magsasaka na magtayo ng kanilang sariling gubyerno sa baryo, ngunit ngayon lamang nabigyan ng pagkakataon para isakatuparan ito. Naghalal ng mga upisyal ng KRB ang mga delegado at binuo ang isang taong programa ng KRB. Pinag-usapan din ang pagpapasampa sa hukbong bayan.

May dalawa pang KRB na magkasunod na naitatag sa kalapit na mga klaster ng mga barangay.

**Mga opensibang militar**

Inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Cagayan Valley ang may 20 armadong aksyon laban sa pasistang tropa ng kaaway noong nakaraang taon. Tinatayang 55 o katumbas sa dalawang platun ang napinsala sa kaaway.

Pinakahuli sa mga aksyong ito ang pagpapasabog ng eksplosibo ng BHB-East Cagayan sa nag-ooperasyong yunit ng 77th IB sa Mabuno, Gattaran, Cagayan. Anim ang napaslang sa opensiba sa mismong araw ng ika-52 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ayon sa ulat ng kumand ng BHB sa rehiyon, lumaki ang kabuuang pwersa ng BHB nang 45%-55% sa buong 2020. Pinasinungalingan ng BHB ang "pagsurender" ng umano'y mga kasapi at tagasuporta ng BHB sa rehiyon. Kabilang dito ang huling bats ng mga surenderi sa Zinundungan Valley, Rizal, Cagayan noong Enero 28. Anang BHB, sila ay mga sibilyang magsasaka na pinilit at tinakot.

Iniulat ng rehiyon ang paglaki nang 15% sa bilang ng mga bagong kasapi ng Partido. Nakapaglunsad din ng mga rebolusyonaryong pag-aaral mula sa Abanteng Kurso, Intermedyang Kurso at mga bats ng Batayang Kurso ng Partido sa buong taon. AB

---

*Ang artikulong ito ay halaw sa isyung Oktubre-Disyembre 2020 ng pahayagang* Baringkuas*, rebolusyonaryong pahayagang pangmasa ng rehiyon ng Hilagang-Silangang Luzon.*

# Pagpupursige ng BHB sa harap ng paghaharing teror ng AFP sa Southern Tagalog



Tuluy-tuloy ang paghahasik ng teror ng 2nd ID sa Southern Tagalog (ST) pagpasok ng 2021. Hindi bababa sa 25 bayan sa limang prubinsya ang saklaw ngayon ng mga nakapokus na operasyong militar at mga operasyong Retooled Community Support Program (RCSP). Isa ang ST sa walong rehiyong prayoridad ng rehimen sa kontra-insurhensyang gera nito.

Inilulunsad ang mga kampanyang militar sa pamumuno ni Gen. Antonio Parlade, Jr., nangungunang anti-komunistang *troll* at hepe ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines. Ito ay sa gitna ng pananalasa ng pandemya at mga bagyo na humambalos sa rehiyon noong huling kwarto ng taon.

Sa Mindoro, limang bayan sa timog na bahagi ng Occidental at lima sa Oriental ang hinahalihaw ng 203rd IBde mula pa noong 2019. Sa mga lugar na ito maigting na nilalabanan ng mga magsasaka at katutubo ang mapaminsalang mga proyektong mina, dam at pekeng programang pangkalikasan na sisira sa kapaligiran at magpapalayas sa kanila.

Gamit ng 203rd IBde ang panindak sa tangkang pahinain ang paglaban ng mamamayan sa lugar. Noong Enero, nagdagdag ang brigada ng dalawang kanyon na 105mm sa Bansud, Oriental Mindoro. Naghatid din ng takot sa mga residente ang pagpapalipad ng helikopter sa mga bayan ng Rizal, San Jose, Bongabong at Mansalay noong bisperas ng pasko. Lumapag ito sa Mantay, Barangay Monte Claro, San Jose kung saan nakakampo ang pwersa ng RCSP.

Anim na bayan naman sa Quezon ang inooperasyon ng may 1,900 tropa ng 201st IBde, kabilang ang mga tropa ng 1st IB, 59th IB, 80th IB, 85th IB, 22nd DRC at mga pulis. Malaking kasalanan ng mga tropang ito ang dagdag na paghagupit sa mga komunidad sa panahong katatapos pa lamang manalasa ng sunud-sunod na bagyo. Pinigilan ng mga ito na makarating ang ayuda mula sa BHB.

Nagtayo naman ng bagong mga kampo ang 80th IB sa Barangay Puray, Rodriguez, Rizal habang nagpapatuloy ang mga operasyong kombat at RCSP sa Antipolo, Rodriguez at Tanay. Sa liblib na mga baryong okupado ng mga RCSP, hinaharang ng mga sundalo ang pagpasok ng pagkain at iba pang pangangailangan ng mga residente.

Sa Palawan, walang-tigil ang FMO at kampanyang pagpapasuko ng 3rd Marine Brigade. Inaatake ng di kukulangin sa 600 elemento ng Marines ang Roxas, Taytay, Brooke's Point, Rizal, Bataraza at Puerto Princesa City. Nililinlang nila ng mga pabuya ang sinumang nagnanais "magbalik-loob at makipagtulungan" sa AFP laban sa BHB at sarili nilang mga kababayan.

Kabilang sa karumal-dumal na mga krimen ng 2nd ID na labag sa mga batas ng digma ay ang pagpatay kina Eugenia Magpantay at Agaton Topacio, ang masaker sa Baras 5, pagpaslang sa lider magsasakang si Armando Buisan, at sa wala nang kakayahang lumaban na si Mario Caraig.

Sa kabila ng todong atake sa rehiyon, nakabuo ang hukbong bayan dito ng mga bagong larangang gerilya at nabawi ang ilang lumang mga erya. Isinagawa ang kinakailangang mga reorganisasyon sa larangang gerilya upang magkaroon ng mas malapad na maniobrahan habang hinaharap at pinangingibabawan ang malawakang mga operasyong kombat at pambobomba ng AFP.

Ayon kay Armando Cienfuego, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, ito ay dahil "malinaw sa mamamayang Pilipino kung sino ang totoong terorista sa bansa—ang rehimeng US-Duterte at ang AFP-PNP na walang pinipiling okasyon para makapaghasik ng lagim at teror sa bayan." AB

### Masaker sa Mendiola, ginunita

NAGMARTSA TUNGONG Mendiola sa harap ng Malacañang ang hindi bababa sa 500 aktibista noong Enero 22 bilang paggunita sa ika-34 taon ng pagmasaker ng mga pwersang pulis sa 13 nagpuprotestang magsasaka. Hanggang ngayon, wala pa ring natatamong hustisya ang kanilang mga pamilya. Sa halip, tumindi pa ang kahirapan at karahasan sa sektor. Noong 2020 lamang, 59 nang magsasaka ang pinatay. Naglunsad din ng katulad na mga pagkilos ang mga magsasaka sa Laguna, Cebu at Negros Occidental.

Sa Quezon, ginunita naman ng mga magsasaka ang ika-40 taon ng Guinayangan Masaker noong Pebrero 1. Sa masaker na ito sa parehong araw noong 1981, dalawa ang napatay nang paulanan ng bala ang 6,000-lakas na martsa ng mga magsasaka.

Sa Panay, itinatag ang Defend Panay Network noong Enero 29, isang buwan makalipas ang brutal na pagmasaker sa siyam na lider-Tumandok sa Tapaz, Capiz.

SA MADALING SALITA

## SOBERANA 2

isa sa apat na bakunang pinauunlad ng mga syentista ng Cuba na nasa **pangalawang antas** na ng *testing*. Nakatakda itong maramihang imanupaktura katuwang ang **Iran**.



## Ika-79 sa 98 bansa

ang ranggo ng **Pilipinas** sa listahan ng mga bansang may **MAAYOS NA TUGON** sa pandemyang Covid-19. Nangunguna sa listahan ang **New Zealand** at **Vietnam**, habang nasa dulo ang **Mexico** at **Brazil**. Tatlo sa nangungunang bansa ang nasa **Asia**.

**Pinagkunan:** Lowly Institute, 2021

## 15 helikopter na Sikorsky S-70i Black Hawk

ang bibilhin ng rehimeng Duterte bilang kapalit ng mga Huey na helikopter.

## ₱11.3 bilyon

ang nakatakdang gagastusin para rito.

## ₱801 bilyon

o abereyds na **₱2.2 bilyon** kada araw ang halaga ng pagbagsak ng kabuuang konsumo dulot ng kawalan ng kita at trabaho ng mayorya ng mamamayan. Umaabot sa **₱23,000** ang nawalang sahod at kita ng mga manggagawang Pilipino.

**Pinagkunan:** National Economic and Development Agency, Enero, 2021

## 62-3-3

boto **pabor-laban-walang boto** sa

## "economic charter change"

sa antas ng komite para sa amyenda sa **Konstitusyong1987**.



## 50 taon

anibersaryo ng
**Diliman Commune**

o ang **9-araw** na **pagbarikada** ng mga estudyante ng **University of the Philippines** sa **Diliman** mula **Pebrero 1** hanggang **9, 1971**.



## 5.79 milyon

ang mga manggagawang **nawalan ng trabaho** sa **Pilipinas** sa katapusan ng taon, kung pagsasamahin ang naiulat na nawalan ng trabaho (3.81 milyon) at natanggal sa sarbey ng pwersa ng lakas paggawa (1.98 milyon).

**Pinagkunan:**
Ibon Foundation, Disyembre 2020

Kung iipunin ang kinitang

## $3 trilyon ng 10 bilyunaryo

sa pagitan ng Marso at Disyembre 2020, kayang-kaya na nitong PABAKUNAHAN ang LAHAT NG TAO sa mundo.

**Pinagkunan:**
The Inequality Virus, Oxfam, Enero 2021

## 5,000

**traktora ang dala ng mga magsasaka sa martsa papasok ng New Delhi, kabisera ng India,** para igiit ang pagbabasura sa mga reporma sa agrikultura na magdederegularisa sa sektor.

# Dagdag-sahod, kagyat na pangangailangan ng mga manggagawa

Hindi makaagapay ang antas ng sahod ng kalakhan ng mga manggagawa sa bilis ng pagtaas ng mga presyo ng mga batayang pangangailangan. Mula pa noong nakaraang taon pumaimbulog ang presyo ng pagkain nang hanggang 77% (karne) ngayong Enero. Pinabilis nito ang tantos ng implasyon tungong 3.5% noong Disyembre, pinakamataas sa nakaraang 21 buwan. Dulot nito, bumabagsak ang tunay na halaga ng sahod nang halos 20%. Sa Metro Manila, halimbawa, ang ₱537 minimum na arawang sahod ay may tunay na halaga na lamang na ₱434, sapat lamang para makabili ng isang kilong baboy.

Sa harap nito, nagiging mas kagyat ang pangangailangan para taasan ang sahod ng mga manggagawa. Tinatayang nasa ₱346 lamang ang abereyds na minimum na sahod sa buong bansa. Napakalayo nito sa nakabubuhay na sahod na ₱1,057 kada araw para sa isang pamilyang may limang myembro. Kulang na kulang ito para tustusan ang pagkain, kasabay ng mga bayarin sa kuryente at tubig, renta at gastos sa edukasyon.


Kumpara sa mga manggagawa sa industriya at serbisyo, mas mababa pa ang tinatanggap ng mga manggagawa sa agrikultura. Malalaki rin ang agwat ng mga sahod kada rehiyon at prubinsya laluna matapos ipatupad ang iskema ng 2-andanang pagpapasahod.

Sa halip na agapan, binigyan-laya pa ng rehimen, sa pamamagitan ng isang kautusan ng ahensya ng paggawa, na bawasan ng mga kapitalista ang sahod ng kanilang mga manggagawa gamit ang pandemya. Mas mababa rin ang sahod na ibinibigay ng mga kapitalista sa mga manggagawang nakapailalim sa mga kaayusang *work-from-home.* Sa tantya ng National Economic and Development Authority, bumagsak ng abereyds na ₱23,000 ang kita ng kada manggagawa dulot ng tahasang pagkaltas sa sahod, pwersahang pagpabakasyon at pagkawala ng mga trabaho noong nakaraang taon.

Noon pang 2018 nakabimbin sa reaksyunaryong Kongreso ang National Minimum Wage Bill ng blokeng Makabayan na nagtutulak para sa ₱750 pambansang minimum na sahod. Ipinapanukala rin ng naturang batas ang pagbuwag sa mga Regional Wage Board na kinakasangkapan ng mga kapitalista para magtakda ng mas mababang sahod sa mga rehiyon.

Ipinanawagan din ng mga manggagawa at mga progresibong mambabatas na bigyan ng ₱10,000 ayuda ang mga manggagawang nawalan ng trabaho dulot ng mga *lockdown*.

Ayon sa pag-aaral ng Ibon Foundation, si Rodrigo Duterte ang pinakakuripot sa lahat ng nagdaang mga pangulo ng Pilipinas sa usapin ng pagtataas sa sahod. Sa ilalim ng kanyang rehimen, dalawang beses lamang na itinaas ang sahod sa pambansang kabisera, una noong 2017 at huli noong 2018. Sa abereyds, nagpatupad ang reaksyunaryong estado mula sa panahon ng rehimen ni Corazon Aquino ng dagdag-sahod kada 13 buwan. Sa ilalim ni Duterte, 29 buwan nang walang dagdag-sahod para sa mga manggagawa sa NCR. Sa kabuuan, kakarampot lamang ang itinaas ng sahod (9.4%) sa ilalim ni Duterte kung ikukumpara sa abereyds na itinaas nito (24%) sa ilalim ng nagdaang mga rehimen. AB




### Subsidyo sa magbababoy at konsyumer

NANAWAGAN ANG Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) noong Pebrero 1 na ibaba ang presyo ng karneng baboy sa antas nito noong 2019 bago manalasa ang African Swine Fever (ASF). Ito ay matapos na pumalo sa ₱400 ang presyo ng liempo at ₱370 naman sa kasim. Anito, magagawang ibaba ang presyo kung bibigyan ng tulong sa produksyon at ayuda ang mga magbababoy.

Sa partikular, nanawagan ang KMP na maglaan ng ₱15,000 subsidyo para sa mga magbababoy at nag-aalaga ng mga manok, at ₱10,000 naman na ayuda para sa mga konsyumer. Iginiit nito na ayuda, at hindi pautang ang magsasalba sa mamamayan mula sa pagsirit ng presyo ng baboy.

Iginiit din nito na kailangan ng mabisang interbensyon ng estado sa pagbili at pagbebenta ng karne para mabuwag ang monopolyong pagpepresyo at pagsasamantala ng mga malalaking *trader* at kartel. Nanindigan ito na hindi importasyon ang solusyon sa mataas na presyo ng karneng baboy, manok at iba pa na itinutulak ngayon ng rehimen.

Pinirmahan sa parehong araw ni Rodrigo Duterte ang isang kautusan na magpapataw ng "price ceiling" o maksimum na ₱270/kilo sa presyo ng pigue ng baboy at ₱300 sa liempo at ₱160 sa manok. Ipatutupad ito simula Pebrero 8.

## Libu-libong manggagagawa, matatanggal ngayong unang kwarto

Libu-libong manggagawang Pilipino ang nakatakdang mawalan ng trabaho ngayong Pebrero-Marso matapos na magdeklara ang tatlong kumpanya ng planong magbawas ng empleyado o di kaya'y magsara dulot ng pagkalugi.

Noong Pebrero 2, inanunsyo ng Philippine Airlines na magtatanggal ito ng 2,300 manggagawa dulot ng pagbagsak ng bilang ng mga nagbibyahe sa loob at labas ng bansa. Tinatayang 30% ito ng kabuuang lakas paggawa ng kumpanya. Sa taya ng rehimen, nawalan ng ₱400 bilyon noong 2020 ang industriya ng byahe at turismo nitong nagdaang taon.

Bago nito, nag-anunsyo rin ang Makati Shangri-la Hotel ng pansamantalang pagsasara simula Pebrero 1. Hindi pa isinasapubliko ng kumpanya kung ilang manggagawa ang tatanggalin nito.

Magsasara rin ang pabrika ng Nissan Motors (nagmamanupaktura ng sasakyan) sa Laguna alinsunod sa mga plano nitong magbawas ng pandaigdigang produksyon noon pang 2019. Dati nang mababa ang *demand* para sa mga kotse bago pa ang pandemya, at lalupa itong bumagsak noong nakaraang taon.

Dagdag ang mga manggagawang ito sa tinatayang 5.79 milyong Pilipinong nawalan ng trabaho dulot ng mga restriksyon sa *lockdown* noong 2020. Kumitid ang ekonomya ng bansa nang 9.5% sa buong 2020 dulot nito. Pinakamalala ang pagbagsak na ito mula pa 1946 o pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa kabila ng hirap na dinaranas ng mga nawalan ng trabaho, walang programa ang rehimen para ayudahan sila. Wala silang aasahang subsidyo dahil ibinasura ng rehimen ang panukala ng Department of Labor and Employment na maglaan ng kakarampot na ₱20 bilyong minimum na subsidyo para sa kanila sa pambansang badyet. AB

### Mga manggagawa ng Magnolia, nagpiket

NAGPIKET ANG MGA manggagawa ng Magnolia sa harap ng kanilang pabrika sa General Trias, Cavite noong Enero 28 para ipanawagan ang dagdag na sahod at mas makataong mga kundisyon sa paggawa sa gitna ng pandemya.

Panawagan din nilang kilalanin ang *collective bargaining agreement* sa pagitan ng maneydsment at kanilang unyon. Laman nito ang pagbibigay ng kumpanya ng mga benepisyo, *backpay* para sa tatlong taon at bonus ng mga manggagawa. Ang Magnolia, isang kumpanya ng San Miguel Corporation, ay nagmamanupaktura ng mga produktong gatas (*butter, cheese,* at *ice cream*).

Sa Mandaue City, naglunsad ng 3-araw na *silent protest* ang mga manggagawa ng Coca-cola noong Pebrero 3 upang igiit sa maneydsment ang pag-regularisa sa may 86 na manggagawa nito.

## Pagdinig sa Korte Suprema laban sa ATL, nagsimula na

Nagsimula na noong Pebrero 2 ang pagdinig sa Korte Suprema laban sa Anti-Terrorism Law o ATL. Pitong abugado na kumakatawan sa 37 petisyon ang humarap dito. Sa labas ng korte, tinatayang 500 ang nagtipon para suportahan sila.

Para padulasin ang pagdinig, inutos ng korte noong nakaraang taon na pagsamahin ang 37 petisyon. Bilang pagtalima, binungkos sa anim na klaster ang mga probisyong kinukwestyon ng mga petisyuner.

Kinatatampukan ang anim na klaster ng sumusunod: 1) pagtatakda na may lehitimong dahilan ang mga isinampang mga petisyon sa Korte Suprema; 2) paghamon sa pagiging konstitusyunal ng batas, partikular ang sobrang malabo o masaklaw na depinisyon nito ng "terorismo;" 3) pagpapatunay na di konstitusyunal ang mga kapangyarihang ibinigay sa binuong Anti-Terrorism Council; 4) pagkontra sa depinisyon at pagparusa sa pagbabantang magsagawa ng terorismo dahil hindi ito naaayon sa mga batas na nagbabawal sa pagparusa sa mga kasong hindi pa itinuturing na kriminal nang isagawa; 5) pagkontra sa pagpapahaba ng detensyon dahil labag ito sa konstitusyon, lokal na batas at internasyunal na mga alituntunin; at 6) pagkontra sa pagtanggal ng probisyon para sa pagbibigay ng angkop na danyos sa mga biktima ng tortyur at ibang katulad na paglabag sa nakatakdang mga proseso.

Sa unang araw ng pagdinig, tumampok ang tanong kung tama bang sa Korte Suprema isinampa ang kaso nang wala pang aktwal na kasong naisampa kaugnay dito. Bilang tugon, binanggit ng mga petisyuner ang daan-daan nang kaso ng *red-tagging* at ang kaakibat na panggigipit at pamamaslang.

Sa umaga rin ng araw na iyon, isinampa sa Korte Suprema ang kaso ng dalawang Aeta para hingin ang pansamantalang pagpapatigil sa implementasyon (TRO o *temporary restraining order*) ng batas. Ang dalawang katutubo ang unang inaresto, tinortyur at sinampahan ng gawa-gawang kaso sa ilalim ng ATL.

Maayos na nailatag ng mga abugado ang mayor na mga argumento. Nakatakdang ipagpatuloy ang pagdinig sa Pebrero 9. AB

# 5 magsasaka, pinatay ng mga ahente ng estado

Limang magsasakang nakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa ang pinatay ng mga elemento ng estado sa nakaraang dalawang linggo.

Isa rito si Antonio Arellano, tagapangulo ng Paghiliusa sa Mangunguma sa Binabono, isa sa mga nagpetisyon laban sa Anti-Terrorism Law (ATL). Pinatay siya sa Barangay Jonob-jonob, Escalante CIty sa Negros Occidental kasabay ng unang araw ng pagdinig ng kaso sa Korte Suprema noong Pebrero 2. Kaalyadong organisasyon ang Paghiliusa ng National Federation of Sugar Workers, isa sa pinakamadalas i-*red-tag* ng militar sa Negros.

Patay din ang magsasakang si Rommy Torres, isa sa mga lumalaban sa pang-aagaw ng lupa ng pamilyang Villar sa Norzagaray, Bulacan. Dinukot siya noong Pebrero 3 sa Barangay San Mateo sa naturang bayan pero sa Laguna na natagpuan ang kanyang bangkay noong Pebrero 5.

Noong Enero 21, binaril at pinatay si Vernel Mondreal sa hangganan ng mga barangay na Salvacion at Igdalaquit sa Sibalom, Antique. Tagakoordina si Mondreal ng Igpanolong Human Rights Desk.

Sa Sorsogon, pinatay ng mga pulis at sundalo ng 31st IB si Michael Bagasala sa San Antonio, Barcelona noong Enero 24. May bakas ng tortyur ang kanyang bangkay. Ayon sa mga saksi, tinortyur ng militar si Bagasala bago siya pinatay.

Pinatay din ng mga pulis si Noel Degamon, Jr. noong Enero 29 sa Barangay Luna, Surigao City. Parehong dating Pulang mandirigma na sumurender pero hindi nakipagmabutihan sa militar sina Bagasala at Degamon.

**Iligal na pag-aresto.** Hindi makatarungang inaresto ang mga magsasakang sina Virgilio dela Cruz, Jerry Ramos at Herminio Ramos sa Barangay Villaflor, Cauayan, Isabela noong Enero 23. Tinamnan ng ebidensya ang kanilang bahay para magkaroon ng batayan ng pang-aaresto. Pinararatangan silang mga myembro ng hukbong bayan.

Sa rehiyon ng Caraga, magkakasunod ang iligal na pag-aresto noong Pebrero 6 sa mga lider-masa na sina Gina Tutor ng Gabriela, Greco Regala ng Pamalakaya-Agusan del Norte at Isaias Ginorga ng Piston.

**Panununog.** Sinunog ng mga maton ng pamilyang Yulo ang dalawang bahay ng mga magsasaka noong Enero 23 sa Buntog, Barangay Canlubang, Calamba, Laguna. Makalipas ang tatlong araw, bumalik ang mga maton at binugbog ang anim na magsasaka. Pinagbantaan din nila ang mga residente ng sityo na papatayin kung patuloy na lumaban sa planong pagpapalit-gamit ng lupa.

**Panggigipit.** Dinumog at hinalughog ng 60 elemento ng 2nd IB ang mga bahay ng mga residente ng Barangay Madao, Uson, Masbate noong Pebrero 1. Liban sa pananakot, ninakawan din ng mga sundalo ang pamilya ni Enrique Tumampil, lider ng Kilusang Magbubukid ng Masbate. AB

## Myanmar, balik sa paghaharing militar

NAGKUDETA ANG MILITAR ng Myanmar (dating Burma) noong Pebrero 1 para patalsikin sa pwesto ang halal na mga upisyal ng bansa. Inaresto at idinetine ng Tatmadaw, tawag sa armadong pwersa rito, si Aung San Suu Kyi, ang kinikilalang lider ng sibilyang burukrasya at iba pang matataas na upisyal. Nakatakdang buksan noong araw na iyon ang bagong halal na parlamento.

Idinahilan ng Tatmadaw ang walang basehang paratang na nagkaroon ng malawakang dayaan sa eleksyon kung saan nilampaso ng partido ni Suu Kyi ang prenteng partido ng militar. Pinabulaanan ang paratang na ito ng mga independyenteng tagamasid at ng komisyon sa eleksyon ng bansa.

Sa kudetang ito, muling napatunayan ang mahigpit na kontrol ng militar sa estado ng Myanmar na hindi nadaig ni Suu Kyi. Mahigpit na kinundena ng United Nations at maraming bansa ang kudeta. Sa loob ng Myanmar, ilan nang protesta ang inilunsad ng mga tagasuporta ni Suu Kyi.

## *Search warrant* laban sa 2 aktibista, ipinawalang-bisa


IDINEKLARA NG ISANG huwes sa Mandaluyong City na "di balido" ang *search warrant* na ginamit para halughugin ang tinutuluyang bahay ng mga aktibistang sina Lady Ann Salem at Rodrigo Esparago noong Disyembre 10, 2020. Idineklara rin ng husgado na hindi maaaring gamitin na ebidensya ang "nasamsam" na mga baril at eksplosibo mula sa kanila. Sa gayon, walang kaso ang Philippine National Police laban sa dalawa. Mahalagang tagumpay ito ng lahat ng mga inaresto gamit ang depektibong mga *search warrant* at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso.

Ang hindi balidong *search warrant* ay inilabas ni Judge Cecilyn Burgos-Villavert ng Quezon City, ang tinaguriang "reyna ng pabrika ng mga warrant."

Sina Salem at Esparago ay kabilang sa pitong aktibistang iligal na inaresto sa araw na ginugunita ang Araw sa Karapatang-tao na tinaguriang Human Rights Day 7. Ang iba pa ay sina Dennise Velasco; Mark Ryan Cruz, Romina Raiselle Astudillo, Jaymie Gregorio at Joel Demate. Si Salem ay patnugot ng *online* na pahayagang Manila Today habang ang anim ay mga aktibistang nagtataguyod sa karapatan ng mga manggagawa.

# Ano ang aasahan sa bagong presidente ng US?

Nagpalit ng hepe ang estado ng imperyalistang US noong Enero 20. Nanumpa si Joseph Biden bilang ika-46 na presidente ng US at si Kamala Harris bilang kanyang bise-presidente sa gitna ng rumaragasang krisis sa ekonomya, pulitika at kalusugan ng bansa.




Tulad ng mga nauna sa kanya, itinataguyod ni Biden ang "pamumuno ng US sa buong mundo" na walang iba kundi ang imperyalistang hegemonya nito sa daigdig. Gayunpaman, nahaharap siya sa papalaking hamon ng multipolar na mundo kung saan lumalakas ang Russia at China bilang karibal na mga imperyalistang sentro, dagdag sa dati nang mga kapitalistang kumpetisyon sa Europe.

Nahaharap din si Biden sa papatinding paglaban ng mga manggagawang Amerikano na aktibong nagtatanggol sa kanilang mga karapatan sa ekonomya at pulitika. Malakas ang presyur sa kanya na tupdin ang kanyang mga ipinangako at dinggin ang hinaing para sa trabaho, dagdag-sahod, mas maaayos na kundisyon sa paggawa at serbisyong sosyal, gayundin ang hustisyang nakabatay sa pananagutan at pagtigil ng rasismo, kawalang pagpaparaya, brutalidad ng pulis at militarisasyon ng institusyon nito.

**Sino si Joseph Biden?**

Si Joseph Biden, 76, ay beterano sa pulitika na myembro ng Democratic Party ng US. Una siyang nagtangkang tumakbo sa pagkapresidente noong 1988 pero napilitang umatras matapos mapatunayang di totoo ang ilan sa ipinagmalaki niyang detalye sa buhay. Tumakbo, nanalo at nagsilbi siyang bise-presidente ni Barack Obama mula 2009 hanggang 2017. Bago nito, senador siya ng estado (katumbas ng rehiyon) ng Delaware mula 1973 hanggang 2009.

Kilala si Biden sa kanyang paninindigang "kiling sa Kanan" sa loob ng kanyang partido. Siya ang pangunahin at pinakamasugid na Democrat na tagapagtaguyod ng gerang agresyon ng US sa Afghanistan at Iraq noong pinuno siya ng komite sa ugnayang panlabas sa Senado. Sa kalaunan ay inatras niya ang kanyang suporta sa mga gerang ito, pero hindi siya sumuporta sa panawagang pauwiin ang mga tropang Amerikano. Pinangasiwaan niya ang "rekonstruksyon" sa Iraq sa ilalim ng administrasyon ni Obama. Sinuportahan niya ang gerang agresyon nito sa Libya at ang pag-aarmas sa mga rebeldeng grupong kontra-Assad sa Syria.

May rekord siya ng rasismo bilang senador ng Delaware na aktibong lumaban sa pagsasabatas ng mga patakaran para sa integrasyon ng mga Itim at puting estudyante noong dekada 1970.

**Paunang mga hakbang**

Sa kanyang mga unang araw bilang presidente, pinirmahan ni Biden ang 30 kautusan para baliktarin ang pinakamasasahol na patakarang pasista, kontra-migrante at pabor sa mga kaibigang kapitalista ng sinundan niyang presidente na si Donald Trump. Kabilang dito ang pagpapatigil ng konstruksyon ng pader sa hangganan ng US at Mexico at pagbasura sa patakarang nagbabawal sa pagpasok ng mamamayan mula sa ilang bansang Muslim. Nagpataw din siya ng mas mahigpit na patakarang kontra-Covid-19 at itinuloy ang pag-ayuda sa naghihirap na Amerikano, tulad ng una nang ginawa ni Trump. May mga utos siyang pumapatungkol sa pagagapay sa pagbabago ng klima at pagprayoridad rito sa mga patakaran ng bansa.

Gayunpaman, nakikitang kulang ang ilang kautusan, tulad ng pagsuspinde lamang at hindi tahasang pagpatawad ng utang ng mga estudyante. Sinuspinde niya ang pagbibigay ng bagong mga *permit* ng pagmimina ng langis, pero tuloy lamang ang mga operasyon ng 10,000 dati nang pinahintulutang mga kumpanya.

**Patakarang panlabas**

Itataguyod ni Biden ang pamamayagpag ng militar ng US sa South China Sea bilang direktang panangga sa ekspansyunistang mga hangarin ng China. Ang hinirang niyang mga upisyal para sa ugnayan panlabas, komersyo at paniktik ay puro kilala sa pagiging agresibo sa pakikitungo sa China.

Sa inisyal na mga pahayag ng mga upisyal na ito, lalo ring magiging agresibo ang administrasyon ni Biden sa panghihimasok sa Syria, Iran at Turkey sa ngalan ng "pagbabago ng rehimen." Wala ring magbabago sa pakikitungo nito sa Israel at hindi nito ililipat ang embahada ng US na nasa teritoryong iligal nitong inokupa sa Jerusalem. Patuloy din itong magiging "kontra" sa Cuba, Venezuela at North Korea. Ang mga patakarang ito ay hindi bago at pagpapatuloy lamang sa mga patakarang una nang itinaguyod ni Biden bilang bise-presidente ng administrasyong Obama. AB